



## Patnubay sa Pagbisita sa Bahay para sa Mga Pinuno ng Pananampalataya at Komunidad sa Panahon ng Shelter in Place

Ang patnubay na ito ay inilaan para sa mga pinuno ng pananampalataya at komunidad na umaasa sa mga pagbisita sa bahay upang makapagbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro ng kanilang komunidad sa panahon ng shelter in place.

### Bago Magsagawa ng Pagbisita sa Tahanan:

- Lahat ng partido ay dapat magsagawa ng pagsusuri ng sintomas at kunin ang temperatura bilang paghahanda sa isang pagbisita sa tahanan (Patnubay sa Pagsusuri sa Sarili ng ACPHD: <https://covid-19.acgov.org/covid19-assets/docs/recovery/screening-guidance-for-employers-eng-2020.08.08.pdf>)
  - Laging tandaan na kahit wala kayong sintomas ng taong bibisitahin ninyo, maaari ninyong pa ring ilantad ang isa't isa sa COVID-19 virus.
- Para sa mahina ang resistensiya, mga nakatatanda (65+), at mga taong may dati nang karamdamang medikal, isaalang-alang kung kinakailangan ba ang pagbisita sa tahanan upang makapagbigay ng pangangalaga at mga serbisyo. Kabilang sa mas ligtas at alternatibong pamamaraan para makapagbigay ng suporta ang:
  - Pag-uugnayan sa pamamagitan ng telepono, text, o email upang magpadala ng mga personal na mensahe.
  - Paggamit ng FaceTime o iba pang opsiyon sa pag-video call.
  - Iwanan ang mga supply sa pinto nang walang direktang pagkontak.
  - Pagkikita sa labas. Pagsusuot ng takip sa mukha, pagpapanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang distansiya, at paglilimita ng paghawak sa mga personal na gamit.

### Paglulunsad ng Pagbisita sa Tahanan:

- Kapag posible, magsagawa ng mga pagbisita sa tahanan sa labas.
- Lahat (kabilang ang residente ng tahanan) ay dapat magsuot ng takip sa mukha.
- Limitahan ang bilang ng mga tao sa espasyo at magpanatili ng distansiyang hindi bababa sa 6 na talampakan sa pagitan ninyo at ng iba pa.
- Kung nasa loob kayo, limitahan kung sa aling bahagi ng tahanan kayo pupunta. Halimbawa, manatili sa kuwartong pinakamalapit sa pinto sa halip na magpunta sa iba pang kuwarto, kung maaari.
- Panatilihing maikli ang pagbisita hangga't maaari.
- Madalas na maghugas ng mga kamay sa panahon ng pagbisita at sa sandaling umalis kayo. Magdala ng hand sanitizer sakaling hindi magiging opsiyon ang paghuhugas ng kamay.
- Iwasang humawak sa mga bagay-bagay sa tahanan at huwag hawakan ang inyong mata, ilong, bibig, o mukha sa panahon ng inyong pagbisita sa tahanan.



**Alameda County Health Care Services Agency**  
**Public Health Department**  
[www.acphd.org](http://www.acphd.org)

**Colleen Chawla, Director**  
**Kimi Watkins-Tartt, Director**  
**Nicholas Moss, MD, Interim Health Officer**

---

Departamento ng Pamublikong Kalusugan: Pangunahing Linya ng Telepono (510) 267-8000

Impormasyon sa COVID-19: (510) 268-2101

---

- Kung kailangan ninyong magbigay ng isang bagay na dapat tanggapin ng tao sa pamamagitan ng kanyang bibig, para sa layuning medikal at/o relihiyoso, ipasa ang bagay sa isang lalagyan sa halip na deretso itong ilagay sa kamay o bibig ng tatanggap. Tiyaking maisa-sanitize o itatapon ang lalagyan matapos ang bawat paggamit.

Kumonsulta sa Patnubay ng CDC “[Kung May Sakit Kayo o Nag-aalaga ng May Sakit](#)” para sa karagdagang impormasyon.